ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Taon XLVI Blg. 3
Pebrero 7, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Panagutin ang US at rehimeng Aquino sa madugong labanan sa Mamasapano


Dapat magkaisa ang lahat ng sektor para panagutin ang gubyernong US at ang rehimeng Aquino sa madugong labanan sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25 na nagresulta sa pagpatay sa 44 na tauhan ng Philippine National Police-Special Action Force (PNP-SAF), 18 mga mandirigmang Moro at pitong sibilyan.

Ang pagsalakay sa mga sibilyan at madugong sagupaan ay bahagi ng pagpapatupad ng Operation Plan (Oplan) Wolverine, isang plano para patayin sina Zulkifli Bin Hir alyas Marwan at Abdul Basit Usman, mga upisyal diumano ng Jemaah Islamiyah at kapwa kabilang sa "US terrorist list." May kabuuang $9 milyong gantimpala ang ipinatong ng US State Department sa ulo ng dalawa.

Ang pagtugis kina Marwan ay bahagi ng mga operasyong asasinasyon o pagdukot ng rehimeng Obama laban sa mga taong binansagan nitong terorista. Maraming pagkakataong isinasagawa ito sa ibang mga bansa nang wala man lamang paalam o pahintulot ng mga gubyerno roon. Bukod sa nilalapastangan nito ang soberanya ng mga bansa, taliwas din ito sa prinsipyo ng karampatang proseso at labag sa mga tuntunin ng Pandaigdigang Makataong Batas.

Ang pandaigdigang teroristang gera ng US ay nagbubunsod ng walang katapusan at lalong sumisidhing paggamit ng karahasan laban sa tinagurian ng US na mga "terorista." Karamihan sa mga ito'y umusbong mula sa guho ng gerang pagsaklot ng US, laluna sa Middle East, kung saan ginamit ng US ang walang habas na karahasan laban sa buu-buong mga bansa, mga komunidad at mamamayan. Ang iba sa mga ito'y dati ring mga tauhan o aset na sinanay ng US, tulad ng mga nagtatag ng Abu Sayyaf. Kaakibat ng gerang teroristang ng US ang pang-uudyok ng rasismo at sobinismo sa relihiyon.

Lalo pang pinaiigting ng rehimeng Obama ang mga operasyong asasinasyon laban sa mga tinaguriang kalaban ng US. Walang pakundangan ang paggamit nito ng malalakas na sandatang maramihang pamuksa. Walang pagtatangi sa mga armadong pwersa at sibilyang komuni-




dad. Noong 2012, ginamit ng US ang AFP upang maghulog ng "smart bomb" sa Jolo, Sulu para diumano patayin si Marwan, kahit pa ang tinarget ay sibilyang komunidad, at kabilang sa mga napatay ay mga lider-relihiyoso roon.

Ang Oplan Wolverine ay planong binuo at pinasimunuan ng imperyalistang US. Pinangunahan ng mga ahensyang paniktik ng US na US Central Intelligence Agency at National Security Agency ang pagsubaybay kay Marwan gamit ang mga *drone* at elektronikong surbeylans. Sangkot din ito sa pagpaplano at mismong operasyon sa Mamasapano. Nakita ng mga residente ang ilang dayuhang upisyal na nakasanib sa mga nag-operasyong tropa ng PNP-SAF. Kabilang sa mga bangkay na nakita ng mga residente ay sa isang dayuhang sundalo na dali-daling kinuha ng mga elemento ng US Joint Special Operations Task Force-Philippines na kabilang sa unang dumating sa lugar matapos ang labanan.

Ang Oplan Wolverine ay masugid na ipinatupad ng masunuring papet ng US na si Benigno Aquino III. Asal-aliping hinahayaan ni Aquino ang pagyurak sa soberanya ng Pilipinas sa walang habas na panghihimasok-militar ng US. Inapakan ni Aquino ang nakatataas na kumand ng PNP at pinakilos ang kanyang pinakamatapat na upisyal upang ipambala sa kanyon ang mga tauhan ng PNP-SAF para lusubin ang Mamasapano kahit ito'y moog ng mga armadong kalaban ng gubyernong Aquino.

Ang mga napaslang na elemento ng PNP-SAF ay walang pakundangang isinakripisyo ni Aquino sa altar ng teroristang gera ng kanyang among imperyalista. Alinsunod sa pagsasanay at direksyon ng US, hinalihaw ng mga tropa ng PNP-SAF ang sibilyang komunidad. May mga bahay na walang pakundangang pinaulanan ng bala sa simpleng hinala na doon nakatira ang kanilang mga target na "terorista." Hindi bababa sa pitong sibilyan ang napaslang sa Mamasapano, kabilang ang isang 8-taong gulang na batang babae. Libu-libong residente ang napilitang magbakwit.



Ang pagkakalantad sa pagpapakatuta ni Aquino sa US ay lalong naghihiwalay sa kanya sa sambayanang Pilipino. Ang pagyurak niya sa kumand ng pulis, pag-angkin ng labis na kapangyarihan at maling mga utos na nagresulta sa malalaking pinsala ay nagbunsod naman ng malawakang pagkadismaya sa kanya sa hanay ng mga pulis at sundalo, at maging ilang matataas na upisyal ng PNP at AFP.

Dapat magkaisa ang buong bayan laban sa papet na rehimeng Aquino at mga upisyal nitong nagsubo ng mga tropa ng PNP sa Mamasapano sa utos ng US. Dapat hikayatin ang mga upisyal at tropa ng PNP at AFP na makiisa sa mga pagkilos ng sambayanang Pilipino para patalsikin si Aquino sa poder. Matingkad ngayon na ang gubyernong ipinagtatanggol nila ay gubyernong bulok at papet ng dayuhan.

Dapat puspusang ilantad ang nagpapatuloy na panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas. Dapat labanan ang lumalawak na presensyang militar ng US sa bansa, at ang lahat ng di-pantay na kasunduang militar sa US na yumuyurak sa soberanya ng Pilipinas at ginagawang sangkalan para sa lumalalang interbensyong militar ng US sa bansa. AB

ANG Bayan

Taon XLVI Blg. 3 Pebrero 7, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

*www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

*angbayan@yahoo.com*

**Nilalaman**

**Editoryal**: Panagutin ang US, rehimeng Aquino sa madugong labanan sa Mamasapano 1
Panawagang magbitiw si Aquino, lumalakas 3
Usapang MILF-GPH, alanganin 3
JSOC, mga asasin ng US 4
Mga krimen ng US sa Okinawa 4
Mga krimen ng US sa iba pang bansa 5
Mga anomalya sa pagbisita ng Papa 6
Libong Lumad, nagbakwit sa Agusan Sur 7
Konsultant ng NDFP, dinakip 7
Pagbisita sa Bicutan, hinigpitan 8
Pagsulong sa Southern Tagalog 8
Iligalidad ng DAP, pinal na 9
Mensahe sa KM 10
Paggunita sa Mendiola Masaker 11
Singil sa irigasyon sa Cagayan, tinutulan 12
Laban sa pagtaas ng pasahe sa MRT/LRT 12
Syriza, binati ng NDFP 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan
ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Panawagan sa pagbibitiw ni Aquino, lalong lumawak

Lumalawak ang mga panawagan para magbitiw si Benigno Aquino III sa gitna ng kaliwa't kanang batikos kaugnay ng pagkakapaslang ng 44 na elemento ng Philippine National Police-Special Action Force (PNP-SAF). Ang mga pulis na kumando ay namatay sa 12-oras na pakikipaglaban sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) at Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) sa Barangay Tukanalipao, Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25.

Ganoon na lamang ang galit ng mamamayang Pilipino nang aminin ni Aquino noong Enero 28 na alam niya ang operasyon ng PNP-SAF at nag-ulat sa kanya ang kumander nito. Gayunman, ibinato niya ang lahat ng sisi sa kumander ng SAF. Lalo pang nagalit ang marami nang mabunyag na ang operasyon sa Mamasapano ay kinoordina ni Dir. Gen. Alan Purisima, ang suspendidong hepe ng PNP na malapit kay Aquino. Bago ito, nabatid na hindi alam ng tumatayong hepe ng PNP na si Dep. Dir. Gen. Leonardo Espina at ni Sec. Mar Roxas ng DILG ang operasyon ng SAF.

Ang paghuhugas-kamay ni Aquino ay nagresulta sa malawakang pagkadismaya ng mga kamag-anak ng mga pulis na ipinambala sa kanyon sa Mamasapano. Lalo silang nadismaya nang hindi sumalubong si Aquino sa pagdating ng mga bangkay. Marami sa kanila ay tahasang nagpakita ng galit nang hindi tanggapin ang plake na iniaalok ni Aquino.

Naging tahasan ang pagpapahayag ng ilang mga tauhan at personahe ng PNP ng damdamin laban kay Aquino. Napapabalitang malawak ngayon ang pagkwestyon sa kredibilidad at kakayahan ni Aquino bilang *commander-in-chief*. Sa pambihirang pagkakataon, nagmartsa ang libu-libong tauhan ng pulisya sa iba't ibang syudad sa Pilipinas noong Enero 30 para ipakita ang kanilang disgusto.

Walang-tigil ang pagtatangka ng Malacañang na pagtakpan ang tuwirang responsibilidad ni Aquino sa labanan sa Mamasapano sa harap ng malawakang kahilingang ilantad ang buong katotohanan. Kaliwa't kanan ang binuong mga grupo para "imbestigahan" ang madugong pangyayari, kabilang ang binuo ng PNP, ng AFP, ng Senado, Kongreso, Commission on Human Rights at Office of the Ombudsman. Pero ang lahat ng ito'y kontrolado ng mga tauhan ni Aquino at tiyak na pagtatakpan lamang nila ang naging papel niya.

Lumilitaw sa mga ulat na sadyang hindi kinoordina ang operasyon sa MILF, sa kabila ng umiiral na kasunduan sa tigil-putukan na nagtatakda ng pagkokoordina tuwing papasok ang mga pwersa ng AFP at PNP sa mga lugar na kontrolado ng MILF. Hindi rin ikinoordina ang operasyon sa AFP, kaya't walang dumating na suporta mula sa militar para sa mga nasukol at naubusan nang balang mga pwersa ng SAF.

Sa harap ng malawakang poot sa rehimeng Aquino, lalong pinaigting ng mga pwersang progresibo at demokratiko ang panawagang magbitiw na si Aquino. Naglunsad sila ng pagkilos noong Pebrero 4 para manawagan na panagutin ang US at si Aquino sa naganap na labanan sa Mamasapano. Nakiisa na rin ang 15 obispo at arsobispo ng Simbahang Katoliko sa panawagang magbitiw si Aquino. AB

# Kasunduang MILF-GPH, alanganin

Nasa balag ngayon ng alanganin ang kasunduang pangkapayapaan ng rehimeng Aquino at Moro Islamic Liberation Front (MILF) na nakatakda na sanang maging pinal ngayong Marso.

Dahil sa kabiguan ni Aquino na ikoordina sa MILF ang operasyon ng pwersang pulis nito sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25, sumiklab ang mayor na labanan na kinasangkutan ng mga tauhan ng MILF. Nakasaad sa kasunduan na dapat magkaroon ng koordinasyon tuwing papasok sa lugar ng MILF ang mga pwersang panseguridad ng Gubyerno ng Pilipinas.

Ang malaking pinsalang tinamo ng PNP sa pakikipaglaban sa MILF at BIFF sa Mamasapano ay ginagamit ngayong sangkalan ng mga pulitikong tutol sa kasunduan sa MILF para huwag ituloy ang pagpapatibay sa Bangsamoro Basic Law. Nag-atras na ng suporta ang ilang pulitikong dating nagtutulak nito. Masahol pa, isinasangkalan ang pangyayari sa Mamasapano para sa sobinistang paglalarawan sa mga Moro at sa mga panawagan ng todo-largang gera laban sa kanila. Magbubunsod ito ng ibayong militarisasyon sa mga lugar ng Bangsamoro at lalong pipinsala sa mga sibilyan.

Sa kabila nito, itinuloy pa rin ng MILF ang pakikipag-usap sa mga kinatawan ng gubyernong Aquino nitong Enero 30 para buuin ang kasunduan para sa pag-dekomisyon o pagbubuwag ng MILF at pagbobodega ng mga sandata nito—bagay na lalong magpapahina sa katayuan ng MILF. AB

# JSOC: Mga asasin ng US

Ang madugong operasyon ng SAF sa Mamasapano ay hindi unang pagkakataong naglunsad ng lihim na operasyon ang US, gamit ang armadong pwersa ng Pilipinas, laban sa mga tinagurian nitong "terorista" sa loob ng bansa. Ilang katulad na operasyon ang inilunsad na rin ng US sa iba pang mga bansa.

Ang mga lihim na operasyong ito, na sa esensya ay mga operasyon ng asasinasyon o pamamaslang, ay ipinatutupad ng US gamit ang Joint Special Operations Command (JSOC). Ang JSOC ay tuwirang nakapailalim sa upisina ng presidente ng US na si Barack Obama. Nasa kontrol nito ang Special Mission Unit (SMU).

Mayroon itong operasyon sa mahigit 60 bansa, kabilang ang Pilipinas, kung saan ang pangunahin nilang tungkulin ay tukuyin, tiktikan at durugin ang mga tinagurian nitong "teroristang grupo." Ang pinakabantog nitong operasyon ay ang pagpaslang kay Osama bin Laden noong Mayo 2011 sa Pakistan.

Noong 2012, nabunyag na nagmamantine ang US ng "listahan ng mga papatayin" na mga idineklara nitong "terorista." Arbitraryong itinatakda ng listahang ito ang mga "terorista" at mga kasapakat nila. Kabilang dito ang sinumang lalaking nasa edad 17 anyos pataas na nasa paligid ng isang kilalang terorista sa panahon ng asasinasyon.

Ang mga operasyong inilunsad sa ilalim nito ay nagdulot na ng di mabilang na mga kaswalti at pinsala sa mga sibilyang komunidad. Nilalabag ng mga ito ang mga batayang proseso ng mga internasyunal na alintuntunin sa karapatang-tao at mga tuntunin sa digma. AB

# Mga karumal-dumal na krimen ng US sa Okinawa

*Ang sumusunod na artikulo at* sidebar *ang huli sa serye ng* Ang Bayan *hinggil sa mga krimen ng mga tropa ng US.*

Isa sa mga lugar kung saan masinsin ang mga karumal-dumal na krimeng kinasasangkutan ng mga sundalong Amerikano ang Okinawa, Japan. Mayroon dito ngayong 32 base militar ang US na sumasakop sa 20% ng kalupaan ng Okinawa. Narito rin ang kalahati sa 50,000 tropa ng US na nakadeploy sa Japan.

Pitong dekada nang inookupa ng militar ng US ang Okinawa. Sinimulan itong sakupin noong 1945 matapos matalo ng US ang Japan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Naging marahas ang pananakop ng US at ang pagtatayo ng mga base militar sa Okinawa. Noong 1953, nagpataw ang US ng batas na nagbigay-pahintulot sa US na agawin ang lupa at idemolis ang mga tahanan ng libu-libong Okinawan upang maitayo ang mga base militar dito. Ang ibang magsasaka ay boluntaryong lumisan matapos pangakuan ng lupa sa Bolivia at pinansyal na ayuda. Pero marami sa kanila ang nangamatay lamang sa mga gubat na pinagtapunan sa kanila at walang natanggap na ayuda.

Matapos maagaw ng US ang Okinawa ay nanatili ito sa kontrol ng militar ng US sa loob ng 27 taon. Ibinalik ito ng US sa saklaw ng Japan noong 1972, kapalit ng pagpayag ng gubyernong Hapon sa pananatili ng mga pwersang militar ng US sa Okinawa. Nanatili rin sa militar ng US ang kustodiya at paglilitis sa mga nagkakasalang sundalong Amerikano.



Mula 1945 hanggang 2000 pa lamang, umabot na sa 5,000 krimen na kinasasangkutan ng mga tropa ng US ang naitatala, kabilang ang 110 kaso ng panggagahasa.

Sa loob lamang ng anim na buwan noong 1949, umabot sa 29 na Okinawan ang pinaslang ng mga tropang militar ng US at 18 babae ang ginahasa, kabilang ang isang siyam na buwang gulang na sanggol na babae. Noong Setyembre 1955, isang anim na taong gulang na batang babae ang ginahasa at pinatay ng isang sarhentong Amerikano. Itinapon lamang ang bangkay ng biktima sa isang basurahan.

Sa halos lahat ng kaso ay inaabswelto o kaya napakagaan lamang ng parusang ipinapataw ng mga korte-militar ng US sa mga salarin:

**Marso 1956.** Isang 28-anyos na lalaking tumatawid sa kalsada ang napatay nang sagasaan siya ng isang sundalong Amerikano. Inabswelto ang sundalo.

**Oktubre 1959.** Isang 23-

anyos na babae ang namatay nang sakalin siya ng isang sundalo ng US. Tatlong taong pagkakakulong lamang ang sentensya ng US sa salarin.

**Disyembre 1959.** Isang 55-anyos na babae na namumulot ng mga basyo ng bala ang pinagbabaril hanggang sa mapatay ng isang sarhentong Amerikano. Nagdahilan ang salarin na napagkalaman niyang baboy damo ang biktima. Inabswelto ng korte-militar ng US ang sundalo at nagbayad lamang ang US ng $2,700 sa pamilya ng biktima.

**Setyembre 1961.** Nabundol ng isang sundalong Amerikano ang apat na bata, at dalawa sa kanila ang namatay. Ibinaba lamang nang isang ranggo ang salarin at anim na buwang hindi pinalabas ng baraks.

**Pebrero 1963.** Isang 12-anyos na batang lalaki ang nabundol ng isang sundalong Amerikano. Nagbunsod ng malawakang protesta ang pagkaka-abswelto ng korte-militar ng US sa salarin.

**Mayo 1970.** Isang 16-anyos na babae ang binugbog at pinagsasaksak ng isang sundalo ng US. Tatlong taong pagkakakulong lamang ang naging sentensya ng salarin.

**Abril 1971.** Isang 23-anyos na babae ang pinagbabato hanggang sa mapatay ng isang sundalong Amerikano. Inabswelto siya dahil sa "kakulangan ng ebidensya."

Sa Okinawa nagaganap ang isa sa pinakamatataas na tantos ng panggagahasa ng mga tropang Amerikano.

Ang pinakakahindik-hindik na kaso noong dekada 1990 ay ang pagdukot, pambubugbog at panggagahasa ng tatlong elemento ng US Marines sa isang 12-anyos na batang babae noong Setyembre 1995.

Dahil sa lawak at tindi ng galit ng mga Okinawan sa krimeng ito, napilitan ang US na palitan ang umiiral noon na Status of Forces Agreement (SOFA) at payagan ang mga awtoridad ng Japan na hatulan at ikulong ang mga sundalong Amerikanong napapatunayang nanggahasa at pumatay.

Sa kabila nito, wala pa ring humpay ang karahasan at ang panggagahasa ng mga sundalong Amerikano sa mga babaeng Okinawan. Palibhasa'y kabilang sa pinakamakapangyarihang armadong pwersa sa buong mundo, ni hindi man lamang ikinukubli ng mga salaring sundalo ang kanilang mga krimen:

**Hunyo 2001.** Ginahasa ng isang sarhento ng US Air Force ang isang 20-anyos na babae sa *hood* ng isang kotseng nakaparada sa harap mismo ng isang popular na *night club*.

**Mayo 2003.** Isa namang 19-anyos na babae ang matinding binugbog ng isang US Marine at ginahasa sa tabing-kalsada.

**Hulyo 2005.** Isa pang sarhento ng US Air Force ang gumahasa sa isang 10-anyos na batang babae habang papunta ito sa eskwelahan.

**Pebrero 2008.** Ginahasa ng isa pang US Marine ang isang 14-anyos na babae sa loob ng

## Iba pang krimen ng US

Saan man masinsin ang presensya ng mga base militar at tropa ng US, laganap ang mga krimen at iba pang pinsalang dinaranas ng mamamayan.

Sa South Korea, sa 50 taon nang pag-iral ng mga base militar ng US dito, humigit-kumulang 100,000 kasong kriminal na ang naitatala na kinasasangkutan ng mga sundalo ng US. Walang kahit isa sa mga salarin ang nahatulan sa ilalim ng batas ng Korea.

Dahil sa paglaganap ng prostitusyon sa mga komunidad sa paligid ng mga base, madalas din ang mga sekswal na krimen. Noong 2001, isang ale at limang batang babae na edad 12 hanggang 16 anyos ang ginahasa ng mga sundalong Amerikano *(gang rape)* sa mga bayan ng Darwin, Hobart at Perth sa Australia, na pawang dinadaungan ng mga barko de gera ng US.

Walang habas ang paglapastangan ng mga base militar ng US sa kapaligiran. Sa South Korea, natuklasan ng Ministry of Environment na kontaminado ng iba't ibang uri ng basurang nukleyar ang lupa at tubig sa 14 sa 15 dating kampo militar ng US.

Komun na problema ang polusyon sa lahat ng mga pasilidad-militar ng US sa rehiyon ng Asia-Pacific. Kahit aminin man ng US na ang militar nito ang may kagagawan ng polusyon, iginigiit nito na hindi na nito responsibilidad ang paglilinis nito, at pinagkakaitan ang karamihan ng mga biktima ng danyos at pangangalagang medikal.

Sa isla ng Vieques sa Puerto Rico, kung saan mahigit 60% ng kalupaan ay inagaw ng US Navy mula pa noong dekada 1940 para gamitin sa *target practice,* ang malimit na mga pagpapasabog ay naging sanhi ng malawakang pagkamatay ng mga isda, na siyang ikinabubuhay ng mga residente. Natigil lamang ang okupasyong militar ng US sa Vieques noong 2003, matapos ang matinding pagtutol ng mga lokal at dayuhang aktibista. AB

kanyang kotseng nakaparada malapit sa base militar.

Ayon sa isa pang ulat, halos kalahati ng mga babaeng estudyante sa isang hayskul sa Okinawa ang nagsabing nagkaroon na sila ng "nakakatakot na mga karanasan" sa mga tropa ng US habang sila'y papunta o pauwi mula sa paaralan.

**Iba pang pinsala sa mga sibilyan.** Bukod sa mga kaso ng pagpaslang at panggagahasa, marami na ring aksidente kaugnay ng operasyon ng mga base militar ang kumitil sa buhay ng mga Okinawan o puminsala sa kanila. Sumusunod ang ilan sa pinakamatitingkad:

**Agosto 1948.** Sumabog ang mga bombang ikinakarga ng US Navy sa isang barko. Umabot sa 106 pasaherong nananaog mula sa isang kalapit na *ferry boat* ang namatay at 76 ang nasugatan.

**Hunyo 1959.** Labimpitong estudyante at guro ang namatay at mahigit 100 ang nasugatan nang bumagsak ang isang eroplanong pandigma ng US Air Force sa isang paaralang elementarya.

**Disyembre 1962.** Pitong sibilyan ang namatay at walo ang nasugatan nang bumagsak ang isang *transport aircraft* ng US sa isang bahay.

**Mayo 1967.** Itinapon ng US Army ang mga *reject* na langis nito sa apat na balon na ginagamit ng mga residente.

**Abril 1975.** Limang tao ang namatay nang sumingaw mula sa Makiminato US Base ang *sexivalent chromium,* isang nakalalasong kemikal.

**Oktubre 1988.** Apat katao ang namatay matapos bumagsak ang isang helikopter ng US malapit sa isang *training field.*

**Nobyembre 1994.** Limang tao ang napatay at nasugatan nang bumagsak ang isang US *military helicopter.* AB

# Mga anomalya, sumingaw matapos ang bisita ng Papa

Pansamantala lamang na naikubli ng rehimeng Aquino ang kabulukan nito nang dumalaw si Pope Francis sa Pilipinas noong Enero 15-19. Pag-alis na pag-alis ng Papa, biglang naglitawan ang mga kabulastugang ginawa nito.

Unang nagreklamo ang libu-libong pulis na nagbantay sa mga lansangan pagdating ni Pope Francis na kulang ang kanilang natanggap na "meal allowance" dahil ibinulsa ito ng mga upisyal. Anila, sa halip na makatanggap ng ipinangakong P2,400, hanggang P700 lamang ang ibinigay sa 25,000 pulis na ipinakat sa rutang dinaanan ni Pope Francis sa Maynila at Leyte. Napilitan ang liderato ng PNP na sibakin ang upisyal nitong nangasiwa sa naturang badyet.

Di nagtagal ay sumingaw ang katotohanan sa likod ng mala-himalang pagkawala ng mga palaboy sa Roxas Boulevard at iba pang lansangang nasa ruta ng mga lakad ni Pope Francis. Napilitang aminin ni DSWD Sec. Corazon "Dinky" Soliman na hinakot nila ang may 100 pamilya o 491 kataong palaboy sa mga mayor na lansangan ng Pasay, Parañaque at Maynila. Dinala sila sa Chateau Royale, isang mamahaling resort sa Nasugbu, Batangas mula Enero 14 hanggang 19. Umabot sa P4.75 milyon ang ginastos ng DSWD sa Nasugbu lamang. Ayon mismo sa DSWD, madalas nila itong gawin tuwing may malakihang aktibidad sa Pilipinas na dinadaluhan ng mga dayuhang bisita.



Mariin ding pinabulaanan ng mga lider ng Simbahang Katoliko ang bintang sa kanila ni Benigno Aquino III na nananahimik lamang ang mga taong-simbahan sa harap ng mga katiwalian ni dating Pres. Gloria Arroyo. Binanggit ang mga pangalan nina Archbishop Angel Lagdameo, Archbishop Oscar Cruz, Bishop Vicente Navarra at Archbishop Socrates Villegas na ilan lamang sa mga bumatikos sa mga anomalya ng mga dating rehimeng Estrada at Arroyo. Tinukoy din na kinanlong ng mga taong simbahan si Rodolfo "Jun" Lozada, ang unang nagbunyag ng mga anomalya kaugnay ng proyektong NBN-ZTE sa ilalim ng rehimeng Arroyo.

Samantala, inianunsyo ng Simbahang Katoliko at iba pang relihiyosong sektor ang pagpapatuloy ng kampanyang pirma kaugnay sa People's Initiative Against Pork Barrel at tinukoy ang Cebu City bilang sentro ng kampanyang pirma laban sa lahat ng anyo ng korapsyon. AB

# Libong Lumad, nagbakwit sa Agusan del Sur

Umabot sa 1,515 myembro ng tribong Banwaon ang nagbakwit mula sa Barangay Balit, San Luis, Agusan del Sur dahil sa walang tigil na operasyong militar ng 26th IB. Pansamantalang sumisilong ang mga bakwit sa Urios Elementary School sa Barangay Balit mula huling linggo ng Enero.

Napilitan silang lisanin ang kanilang mga tahanan dahil sa pananakot ng mga grupong paramilitar at elemento ng 26th IB na pinamumunuan ni Lt. Col. Rolando Dumawa.


May naitalang 969 biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa apat na barangay sa bayan ng San Luis. Ayon sa KARAPATAN-Caraga Region, layunin ng mga operasyong militar na bigyang-daan ang pagpasok ng mga korporasyon sa pagmimina. Halimbawa nito ang Tambuli Mining Company Inc. at ang Malampay Mining Inc. na nagbabalak magsagawa ng *open-pit mining* para maghukay ng ginto.

Umaabot sa 22 indibidwal ang biktima ng harasment at pananakot. Sampung sibilyan ang sapilitang pinaggiya sa mga operasyong militar, pito ang pinilit na sumuko bilang kasapi umano ng Bagong Hukbong Bayan at 11 ang biktima ng walang patumanggang pagpapaputok. Tatlong pamilya ang biktima ng pagnanakaw ng kanilang mga ari-arian. At nitong huli, isang buntis at dalawang bata ang naiulat na namatay sa sentro ng ebakwasyon.

Bago ito, binaril at napatay noong Disyembre 22, 2014 si Nicasio Precioso Sr., *barangay chairman* ng Balit, makaraang makipagsagutan siya kay Sgt. Andres Villaganas ng 26th IB.

Nagsasabwatan ang militar at mga bandidong Lumad para makapasok ang mga minahan, ayon sa KALUMARAN, alyansa ng mga organisasyong Lumad sa Mindanao. Sinasanay ng AFP ang mga bandidong Lumad bilang Investment Defense Force (IDF) na nakatutok sa pagbibigay-seguridad sa mga minahan, plantasyon at iba pang malalaking negosyo.

Ginagamit ang IDF para takutin ang mga datu sa Barangay Binicalan ang tumatanggging pumirma sa Free, Prior and Informed Consent (FPIC) na nagpapahintulot sa pagpasok ng mga minahan. Gusto nilang kunin ang lupang ninuno ng mga Banwaon sa pamamagitan ng pinag-isang Certificate of Ancestral Domain Title (CADT), ayon kay Datu Bagala Mauro Mansilyohan, isang lider ng Banwaon sa Sityo Tabon-Tabon, Mahagsay, San Luis. AB



## Isa pang konsultant ng NDFP, dinakip ng militar

DINAKIP noong Enero 27 ng mga elemento ng Philippine National Police Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) at ng AFP sa Cabuyao, Laguna si Reynaldo Hugo, konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Sa isang pahayag, mariin itong kinundena ni Luis Jalandoni, tserman ng NDFP *negotiating panel.* Aniya, malalang paglabag ito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG).

Si Hugo ay may hawak na NDFP Document of Identification ND978239 sa pangalan na Orgel Dimaaano. May inisyu ring Letter of Acknowledgment para rito na pirmado ni Silvestre H. Bello III, tserman ng *negotiating panel* ng GPH sa ilalim ng rehimeng Ramos.

Nagpapagamot siya noon ng kanyang sakit sa *nerves* at bato nang siya ay arestuhin ng militar. Ipinailalim siya sa matinding surbeylans, na paglabag din sa JASIG. May kinakaharap siyang sampung gawa-gawang kaso ng *murder* at *frustrated murder.*

Ang patuloy na di pagrespeto ng rehimeng Aquino sa JASIG, sa GPH-NDFP Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) ng 1998, at iba pang *bilateral* na kasunduan ay lubhang nakakaapekto sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GPH at ng NDFP.

Samantala, dinukot ng mga pinaghihinalaang operatibang militar ang dating Pulang mandirigma na si Edwin Anuran at isang hindi pinangalanang sibilyan sa Barangay Sta. Cruz, Casiguran, Sorsogon noong gabi ng Enero 30. AB

# Makabuluhang pagsulong sa Southern Tagalog

Makabuluhan ang pagbawi ng lakas ng rebolusyonaryong armadong kilusan sa Southern Tagalog nitong nakaraang dalawang taon. Patuloy nitong pinangingibabawan ang mga internal na problema't kahinaan sa organisasyon at hinaharap ang mga suliraning kaakibat ng pagsusulong ng digma at mga kahirapan bunga ng walang patlang na pag-atake ng kaaway.

Labas sa Mindanao, masasabing ang Southern Tagalog ang pumapangalawa sa may patuloy na malaking konsentrasyon ng mga batalyong pangkombat ng AFP, PNP at CAFGU na umaabot sa humigit-kumulang anim na libong tropa.

Sa kabila nito, mula 2012 ay lumaki sa kabuuan ang pwersa ng hukbong bayan sa mga larangang gerilya. Salik ito upang madagdagan nang 37% ang bilang ng bayang nakikilusan ng mga yunit ng BHB na may katumbas na 42% dagdag sa bilang ng baryong nakikilusan at 59% sa bilang ng baryong epektibong nakikilusan. Sa parehong panahon, nadagdagan din nang 45% ang bilang ng organisadong masa at 51% ang bilang ng mga saligang organisasyon ng mamamayan na nasa kanayunan.

Pinakamatingkad na tagumpay ang pagbigo sa pakana ng kaaway na wasakin ang isang larangang gerilya kung saan di lamang napagtagumpayang mapreserba ang natirang lakas kundi ilang ulit pang nadagdagan ang lakas ng hukbong bayan—ang prinsipal na salik para mabalikan ang mga lugar na naiwan at muling mapalawak ang eryang saklaw ng naturang larangang gerilya.



Malalim ang ugat ng rebolusyon sa masang magsasakang sinasaklaw ng mga larangang gerilya. Bunga ito ng mahabang tradisyon ng hukbong bayan sa pagsusulong ng antipyudal na nagkakaisang prente at rebolusyong agraryo. Deka-dekada nang pinakikinabangan ng masang magsasaka ang mga tagumpay sa rebolusyong agraryo sa anyo ng pagbabago

## Pagbisita sa mga bilanggong pulitikal, ipinagbawal

Patuloy na ipinagbabawal ng *jail warden* ng Camp Bagong Diwa na dalawin ang 37 bilanggong pulitikal na nag-ayuno habang nasa bansa si Pope Francis. Idinulog ng mga bilanggong pulitikal sa korte ang nagpapatuloy na paglabag sa kanilang karapatang-tao ni Jail Warden Michelle Ng Bonto. Pinangunahan ang pagsasampa ng mga reklamo noong Enero 28 sa Taguig Regional Trial Court Branch 271 at Branch 266 nina Tirso Alcantara, Alan Jazmines, Rolando Laylo, Edward Lanzanas at Alex Arias.

Anila, sa utos ni Bonto ay patuloy na hindi tinatanggap ang kanilang mga dalaw sa Special Intensive Care Area (SICA) 1 sa Camp Bagong Diwa, Taguig City kung saan sila ngayon nakakulong. Tinukoy nila ang RA No. 7438 na nagsasaad na sinumang taong inaresto o nakabilanggo o nasa ilalim ng "custodial investigation" ay pinapayagang magkaroon ng mga dalaw o makipagkonsulta sa sinumang malapit na myembro ng pamilya o sa sinumang abugado, duktor o pari.

Ayon sa mga detenidong pulitikal, nilabag ni Bonto ang nasabing mga karapatan noong Enero 13, 14 at 15 nang hindi niya payagang bisitahin sila ng ilang indibidwal, kabilang sina Dr. Julie Caguiat; KARAPATAN *paralegal staff* na si Bernard Zamora; ang kanilang abugado na si Julian Oliva Jr. ng National Union of People's Lawyers; Bagong Alyansang Makabayan Chairperson na si Dr. Carol Araullo; at dating Gabriela Women's Party Rep. Liza Maza.

Samantala, patuloy na iginigiit ng KARAPATAN na dapat nang palayain ang bilanggong pulitikal na si Miradel Torres para maalagaan at mapalaki niya ang kanyang dalawang buwang sanggol na lalaki sa di malupit na kalagayan. Noong Enero 28, ibinalik ang mag-ina sa Taguig City Jail sa kabila ng petisyon ng kanyang abugado sa korte na manatili muna ang mag-ina sa Taguig Hospital hanggang Abril 30, 2015. Si Torres ay may kinakaharap ng mga gawa-gawang kasong pagpatay at bigong pagpatay sa Infanta Regional Trial Court sa Quezon. AB


ng partehan pabor sa magsasaka sa nyugan (tersyong baligtad), pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid sa nyugan, palayan at tubuhan, pagpapataas ng presyo ng kopra at iba pang produktong bukid, paglaban at pagtanggal ng mga komersyanteng pangingikil at operasyon sa anyo ng *tara*, *taktak* at *resikada* sa kopra, pandaraya sa timbang at iba pang mapang-usurang praktis.

Pinakikinabangan din ng masang magsasaka at katutubong minorya ang mga tagumpay sa paglaban at pagwasak sa malalaking pastuhan sa anyo ng organisadong okupasyon at pagpusisyon. Libu-libong ektarya na ng mga pastuhan, lupang prontera at mga abandonado't embargadong lupain ng mga panginoong maylupa ang binubungkal at ginawang produktibo ng mga samahan ng mga magsasaka. Sa mga lugar na ito, sumisibol at hakbang-hakbang nang nagkakahugis ang binhi ng demokratikong kapangyarihan ng mga mamamayan.

Sa mas konsolidado at abanteng mga lugar, nasimulan na ang mga proyekto sa kooperatiba at iba't ibang anyo ng kooperasyon sa pagtatrabaho at pagbubungkal kaakibat ng iba pang mga kampanyang masa sa pagpapataas ng produksyon, promosyon ng kalusugan at sanitasyon, edukasyon at iba pang kampanya para sa kagalingan ng mamamayan.

Patuloy na pinatamaan ng hukbong bayan ang mga nag-ooperasyong kaaway sa mga larangang gerilya ng Southern Tagalog. Tinamaan ng mga taktikal na opensiba ng BHB ang halos lahat ng mga batalyon ng AFP (74th, 76th, 4th, 16th, 80th at 85th IB ng Philippine Army; 4th Marine Battalion Landing Team, 730th Combat Group ng Philippine Air Force at 23rd Division Reconnaissance Company) bukod pa sa mga yunit ng PNP at CAFGU.

Dumanas ang kaaway ng di bababa sa 111 kaswalti (56 na patay at 55 sugatan) mula sa 71 taktikal na opensiba na ang pinakamatunog ay ang matagumpay na reyd sa munisipyo at istasyon ng pulisya ng Paluan, Occidental Mindoro nitong Nobyembre 7 kung saan nakumpiska ang 21 malalakas na armas, dalawang pistola at maraming kagamitang militar mula sa napatay na di bababa sa pitong sundalo at pulis at apat pang nasugatan. Samantala, may dagdag pang 54 na kaswalti (36 na patay at 18 sugatan) ng kaaway ang naitala mula sa 12 depensibang labanan na naagaw ng mga Pulang mandirigma ang inisyatiba.



Tulad ng nagdaang mga taon at panahon, di nagmamaliw ang sigla ng demokratikong kilusang masa sa kalunsuran sa paglaban at pagtatambol ng mga isyung pambayan at panlipunan upang ilantad at ihiwalay ang naghaharing pangkating Aquino at bawat naghaharing paksyon na naluklok sa kapangyarihan. Prominente ang presensya at partisipasyon ng mga kilusang masa sa Southern Tagalog sa bawat tampok na malalaking laban sa Kamaynilaan tulad ng mga pagpapakilos laban sa CARPER at para sa tunay na repormang agraryo, pagbawi sa *coco levy fund,* pagsuporta sa laban ng mga magsasaka sa Hacienda Luisita, anti-mina at malalaking dam, SONA ni Aquino, karapatang-tao at mga abusong militar, mga pagkilos laban sa PDAF/DAP at *anti-pork barrel* at mga kaugnay na pagkilos para sa *people's initiative* at kilusang talsik, gayundin ng tuluy-tuloy na paglaban sa lumalaking interbensyong militar ng US sa Pilipinas sa balangkas ng VFA/EDCA/ACSA. AB

## Iligalidad ng DAP, pinal na

Pinal nang dinesisyunan ng Korte Suprema na ang Disbursement Acceleration Program (DAP) ay iligal. Sa desisyong inilabas nitong Pebrero 3, muling iginiit ng Korte Suprema na hindi pinahihintulutan ng konstitusyon ng 1987 ang maling depinisyon ng "savings" o pondong natipid at ang paggamit ng gayong pondo para sa ibang mga proyekto na isiningit nina Benigno Aquino III at Budget Secretary Florencio Abad sa pambansang badyet ng 2014. Ipinagpipilitan nina Aquino at Abad na pwede agad ituring na "savings" sa simula o kalagitnaan ng taon ang anumang pondong hindi nagamit dahil sa di pagtupad ng isang proyekto, at pwede itong gamitin sa anumang proyektong naisin ng Malacañang o ng mga pinaboran nitong pulitiko.

Una nang nagdesisyon ang Korte Suprema hinggil sa iligalidad ng DAP noong Hulyo 2014. Ang pinal na desisyon ngayong Pebrero ay tugon ng Korte sa petisyon para sa rekonsiderasyon na ihinain ng gubyernong Aquino. AB

# Isulong ang pambansa-demokratikong kilusang propaganda!

*Ang sumusunod ay halaw sa mensahe ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Kabataang Makabayan sa okasyon ng paggunita ng ika-45 anibersaryo ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970.*

Ang KM ang isa sa mga bisig ng Partido. Hamon sa inyo na malawakang pukawin, organisahin at pakilusin ang mga kabataan para mag-ambag sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino. Bilang bisig ng Partido sa hanay ng mga intelektwal, umaasa ang Partido na uusbong ang libu-libong mga mandirigma mula sa hanay ng KM: sa larangan ng kilusang propaganda at mga pakikibakang masa at sa larangan ng armadong pakikibaka.


Ang propaganda at kontra-propaganda ay isang digmaan. Bilang mga mandirigma, dapat kayong magsanay at magpakahusay sa propaganda. Magbasa. Magsaliksik. Mag-aral at magbalik-aral. Ang digmaan sa propaganda ay paligsahang makuha ang puso at diwa ng mamamayan. Upang mapukaw ang masa, dapat magpakumbaba at makinig sa kanila, alamin ang kanilang kalagayan, karanasan, pananaw, wika at panlasa.

Gawing sentro ng protesta ang mga kampus. Itaguyod ang kagalingan at karapatan ng mga kabataan sa edukasyon. Labanan ang komersyalisasyon. Ikawing ang mga problema ng kabataan sa mga problemang pambayan. Paalingawngawin sa mga kampus ang protesta laban sa pagtaas ng pamasahe sa MRT at LRT; laban sa pribatisasyon, kulang na badyet sa edukasyon at kalusugan; mababang sahod at kakulangan ng trabaho; pang-aagaw ng lupa; mga pang-aabusong militar; korapsyon at pandarambong.

Gawing sentro ng rebolusyong pangkultura ang mga kampus. Basagin ang kolonyal na pag-iisip, indibidwalismo, konsumerismo, pagkakani-kanya at disorganisasyon ng mga intelektwal. Itaguyod ang linyang masa: ang pagkilala sa masa bilang bukal ng kaalaman at tagalikha ng yaman. Mag-aral at magpakahusay sa komunistang teorya. Palaganapin ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at syentipikong makauring pag-unawa sa lipunan at kasaysayan.

Buhayin ang patriyotismo ng mga kabataan. Laging ipaalala sa kanila ang kasaysayan ng sambayanang Pilipino, laluna ang yugto ng digmaang Pilipino-Amerikano. Ang yugto na ito ng kasaysayan ay pilit na pinagtatakpan sa mga eskwelahan. Ituro ito sa lahat para alalahanin ng bayan ang kanilang nagpapatuloy na pakikibaka para sa pambansang kalayaan.

Saanman lumingon sa kalunsuran, dapat naroon ang mga pangkat ng mga mandirigmang propagandista ng kilusang kabataang estudyante: sa mga palengke, *terminal*, sa loob ng bus, dyip o mga tren, sa mga pabrika, tanggapan, *mall*, parke, mga komunidad at lansangan. Namamahagi ng mga polyeto. Nagdidikit sa mga pader ng mga poster o pahayagan. Nagpopropaganda maging sa *internet*.



Sa iba't ibang panig ng bansa, lumalawak ang hukbong bayan, ang mga milisyang bayan at mga organisasyong masa, umiigting ang armadong pakikibaka at rebolusyong agraryo. Kailangang-kailangan ng Partido ng bagong dugo, bagong mga kadre at mandirigma upang buong-siglang balikatin ang papabigat na mga tungkulin ng kasalukuyang yugto.

Hinahamon ng Partido ang Kabataang Makabayan na sa loob ng ilang taon ay makapagrekrut ito ng mahigit 1,000 bagong mga Pulang mandirigma taun-taon mula sa hanay ng mga kabataang estudyante. Dagdag sila sa mas marami pang bilang ng mga kabataang magsasaka at manggagawa na marerekrut sa BHB para paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa.

Sa mga kasamang kabataang komunista, patatagin ninyo ang inyong isip, diwa't pangangatawan bilang paghahanda sa paggampan ng mas malalaki pang tungkulin sa hinaharap. Magsanay at maghandang gumampan ng bago't mas malalaking tungkulin sa pag-oorganisa at pamumuno, sa iba't ibang mga sektor sa kalunsuran hanggang sa kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan, bilang mga mandirigma at kumander ng Bagong Hukbong Bayan at mga kadre't pinuno ng Partido. AB

*Ika-28 anibersaryo ng masaker sa Mendiola*

# Paggunita at pakikibaka para sa lupa at hustisya

Umabot sa 1,500 magsasaka at kanilang mga tagasuporta ang nagmartsa mula University of Sto. Tomas patungong Mendiola sa lunsod ng Maynila noong Enero 22 para gunitain ang ika-28 taon ng masaker ng Mendiola kung saan 13 magsasaka ang namatay.


Sa loob ng 28 taon, hindi lamang bigo ang mga magsasakang naghahangad ng hustisya, lalo pang tumindi ang panunupil at karahasan laban sa kanila. Sa ilalim lamang ng kasalukuyang rehimeng US-Aquino ay umaabot na sa mahigit 100 magsasaka ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang.

Bago ang martsa-rali sa Mendiola, nagsagawa ng *vigil* noong gabi ang mga magsasaka sa harapan ng Department of Agrarian Reform (DAR). Kabilang sa mga dumalo ang mga magbubukid ng Hacienda Luisita Inc., Hacienda Araneta sa San Jose del Monte, Bulacan; Hacienda Dolores sa Porac, Pampanga; Hacienda Looc sa Batangas; at Yulo King Ranch (YKR) sa Coron, Palawan. Kinundena nila ang laganap na pangangamkam ng lupa bunga ng kutsabahan ng estado at mga pribadong korporasyon.

Nagsagawa rin sila ng maiksing programa sa harapan ng bahay ni Aquino sa Times Street, Quezon City bago magmartsa patungong UST. Ito ay para batikusin ang walang patid na represyon sa kilusang magsasaka sa panahon ni dating Pres. Corazon Aquino, kung kailan naganap ang Mendiola Masaker, hanggang sa panahon ng anak na si Benigno Aquino III. Pagbatikos din ito sa huwad at bigo na CARP/CARPER at kung paano ito ginamit para hadlangang mapunta sa mga magsasaka ang lupa.

Nagkaroon din ng kasabay na mga aksyong protesta ang mga magbubukid sa mga syudad ng Santiago, Naga, Bacolod, Butuan, Pagadian at Davao.

**Yulo King Ranch.** Bago ang paggunita sa Mendiola Masaker, mahigit isang linggo na sa Maynila ang mga magsasaka ng YKR, kasama ang iba pang magsasaka at mangingisda ng Southern Tagalog na naglunsad ng lakbay-protesta mula Enero 12. Sumama rin sila sa dalawang-araw na pag-aayuno ng mga magsasaka sa Liwasang Bonifacio upang iparating ang kanilang hinaing para sa lupa, pagkain at tirahan sa okasyon ng pagdalaw ng Papa sa bansa. Nakipagdayalogo rin sila sa Department of Environment and Natural Resources noong Enero 21.



Itinuturing ng mga samahang magsasaka na pinakamalaking anomalyang agraryo sa bansa ang Yulo King Ranch dahil direktang sangkot mismo ang estado sa pangangamkam ng malawak na lupain. Sa pamamagitan ng Proclamation 663 ng rehimeng Aquino noong 2013, idineklara na "hindi angkop tamnan" ang lupa. Pinasusubalian ito ng mga magsasaka na ilang taon nang nagawang produktibo ang lupa.

Bunga nito, libong katutubo at mga magsasaka ang napatalsik sa lupa, maging ang mga orihinal na setler sa panahon ni Marcos, bago pa man maging rantso ito. Gayunman, napilitan ding bumalik ang mga residente dahil sa kakulangan ng hanapbuhay. Ito ay sa kabila ng pananakot ng mga pwersang panseguridad na itinalaga ng estado.

Halos 40,000 ektarya ang lawak ng YKR sa mga bayan ng Coron at Busuanga sa Palawan. Sinekwester ito ng Presidential Commission on Good Government noong 1986 bilang isa sa mga nakaw na yaman ng mga kroni ni Marcos na sina Luis Yulo at Peter Sabido. Isinailalim ito sa pangangasiwa ng Bureau of Animal Industry, at panibagong anomalya naman ang naganap sa panahon ni Corazon Aquino at mga sumunod pang rehimen. Napunta sa malalaking pulitiko ang ilang libong mga imported na baka at iba pang hayop at mga kagamitan sa loob ng rantso. Noong 2010, alinsunod sa desisyon ng Korte Suprema, inalis na ito sa talaan ng mga sekwestradong lupain, at pinangasiwaan ng Philippine Forest Corporation.

Sa kasalukuyan, sa tabing ng Busuanga Pasture Reserve, kontrolado ng gubyerno ang lupain para bigyang-daan ang pagtatayo ng mga negosyo at iba pang proyektong pang-ekoturismo na malalaking burukrata at pribadong korporasyon ang makikinabang.

Noong 2012, para palabasin na ipinatupad din naman ang reporma sa lupa sa isang bahagi ng rantso, nagsagawa ng *table survey* o pagmamapa ang DAR, kung saan bibigyan diumano ng tag-isang ektarya ang bawat residente. Ang pamamaraan ng pamamahagi ay alpabetikal, na sa esensya ay maniobra na kapareho ng sistemang tambiolo ng DAR sa Ha-

cienda Luisita.

Tinutulan ng mga magsasaka ang ganitong sistema dahil marami sa kanila ang mahigit isang ektarya ang matagal nang binubungkal. Maglilikha rin ito ng gulo sa hanay ng mga magsasaka. Walang papayag na basta lisanin ang kanilang taniman, laluna kung ilang taon o dekada na itong pinaghirapan. Alam nila na ang ubod nito ay pagpapatalsik sa kanila.

Kasabay ng *table survey* ang panunupil laluna noong 2012 hanggang 2013, kung saan hinaras ang mga residenteng magsasaka ng mga gwardya ng mga pribadong kumpanya, kasama ang Philippine Marines. May balita na iniutos mismo ni Aquino na ideploy sa naturang lupain ang Marine Battalion Landing Team-4 (MBLT-4).

Mayroong mga bahay na dinemolis at hinayaang sirain ng mga baka at kabayo ang mga pananim ng mga magsasaka. May mga nakaranas tutukan ng baril ng mga Marines at sinabihang lumayas sa lupain. Mananatiling nasa alanganin ang kalagayan ng mga magsasaka hangga't hindi kinikilala ang kanilang karapatan sa lupang malaon na nilang binubungkal. AB

# Sobrang singil sa irigasyon, nilalabanan sa Cagayan

Tuluy-tuloy ang pagbatikos ng mga magsasaka sa Cagayan at Quirino sa mataas na singil ng National Irrigation Administration (NIA) sa serbisyong irigasyon sa kanilang mga lugar. Noong Oktubre 22, inilunsad nila ang koordinadong pagkilos sa upisina ng NIA sa Cagayan at Department of Agriculture sa Tuguegarao City para muling igiit ang pagbabawas, at sa panahon ng kalamidad, pagtatanggal ng singil sa irigasyon.

Ayon sa Kagimungan, ang organisasyon ng mga magsasakang naglunsad ng pagkilos, hindi lamang ipinagkakait ng estado ang isang batayang serbisyo tulad ng irigasyon, sinakop din nito ang dating mga komunal na irigasyon na pinangangasiwaan ng mga komunidad at nakapagbibigay ng libreng patubig.

Bago ito, matagumpay na nailaban ng mga magsasaka sa Cagayan Valley ang pagbabasura ng NIA sa kanilang mga utang, interes at multa mula taong 2000 pababa. Naigiit din nila na itigil na ng ahensya ang paniningil sa iba pang utang at pagsasampa ng kaso laban sa mga magsasakang lubog sa utang.

Iginigiit ng mga magsasaka na burahin na lahat ng utang, interes at multa. Idiniin din nila na dapat isubsidyo ng LGU ang kalahati ng Irrigation Service Fees. Ibinulgar din nila ang mga anomalya sa pagpapatakbo ng NIA at hinihiling nila na maglunsad ng imbestigasyon at parusahan ang sinumang mapatunayang sangkot sa korapsyon.

Nakiisa rin sa naturang pagkilos ang mga magsasakang may lupaing nadaanan ng mga kanal ng NIA na hanggang sa ngayon ay hindi pa rin nababayaran ng danyos perwisyo.

Samantala, noong araw ding iyon, nagbarikada naman ang mga magsasaka at katutubo sa prubinsya ng Quirino laban sa pang-aagaw ng lupa ng Nescafe Plantation. Ito ay sa pakikipagkutsabahan ng DENR sa ilalim ng National Greening Project nito sa Barangay Magsaysay, Diffun, Quirino. Ang 71-ektaryang lupain ay matagal nang pinosisyunan at pinaghirapang bungkalin ng mga magsasaka sa lugar. AB

## Dagdag-petisyon laban sa taas-pasahe sa MRT at LRT, isinampa

MULING naghain ng dagdag na petisyon ang Bayan Muna (BM) sa Korte Suprema para ihinto ang taas-pasahe sa Metro Rail Transit (MRT) at Light Rail Transit (LRT). Isinumite nina Rep. Neri Colmenares at Rep. Carlos Isagani Zarate ang petisyon noong Enero 21 para palakasin pa ang mga naunang petisyon na isinampa ng mga progresibong grupo at indibidwal.

Nakasaad sa dagdag-petisyon ang pag-amin mismo ng Department of Transportation and Communications (DOTC) na hindi saklaw ng awtoridad nito ang magpataw ng taas-pasahe. Hindi rin mapupunta sa mga mananakay ng MRT at LRTang kikitain mula sa taas-pasahe.

Samantala, patuloy ang mga kilos-protesta ng mga estudyante laban sa taas-pasahe. Nagpiket sila sa istasyon ng LRT 2 sa Legarda sa Maynila noong Enero 23 para igiit na pawalambisa ang mga tagibang na kontrata ng estado sa mga serbisyo-publiko tulad ng metro tren. Naniniwala sila na hindi makatarungan ang anumang taas-pasahe lalupat sa pribadong interes lamang mapupunta ang kita mula rito at hindi sa pagpapaganda at pagpapabuti ng serbisyo ng metro tren. AB

# Syriza Party ng Greece, binati ng NDFP

Binati ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang partidong Syriza ng Greece sa makasaysayang tagumpay nito sa pambansang eleksyon sa bansa noong Enero 25. Sa pamumuno ng lider nitong si Alex Tsipras, umabot sa 149 sa kabuuang 300 pwesto ang naipanalo ng Syriza sa parlamentong Greek.

Ang Syriza (Coalition of the Radical Left) ay binubuo ng 13 grupong tinaguriang "maka-Kaliwa," pangunahin dahil sa kanilang paninindigan laban sa mga hakbanging *austerity* (o pagkakaltas ng pondo sa mga serbisyong panlipunan) na nagbunsod ng disempleyo ng sangkapat ng mga manggagawa at ng pagkalubog sa kahirapan ng milyunmilyon. Ang pagkakapanalo nito ay kauna-unahang pagkakataong nanaig sa Greece at sa buong European Union ang ganitong klaseng partido.

Matapos ang kanilang panalo, inianunsyo ng Syriza ang kagyat na pagbaliktad nito sa ilang patakaran sa paghihigpit nitong nakaraang anim na taon na ipinataw sa bansa ng tinaguriang Troika—ang International Monetary Fund, European Central Bank at European Union. Kabilang dito ang pagkikipagnegosasyon sa Troika para sa posibleng pagbabasura o pagkakaltas sa utang ng bansa na umaabot na sa €320 bilyon. Determinado itong baliktarin ang naging mga epekto ng mga hakbanging *austerity* sa mamamayan. Tampok sa mga ito ang tripleng pagtaas ng kawalan ng hanapbuhay, laluna na sa hanay ng kabataan (50%), pagkawala sa halos 1/3 ng populasyon ng kanilang benepisyong medikal, pagbagsak ng pambansang produksyon at kita at ibayo pang paglobo ng pambansang utang.

Kabilang sa mga kagyat na hakbang ng Syriza ang paglalabas nito ng mga kupon para sa pagkain at kuryente sa 300,000 kabahayan, pagbibigay ng libreng kalingang medikal, at pagtitiyak na ligtas ang kanilang mga tahanan sa pagkaembargo. Ipapanukala rin nito ang pagbabasura sa buwis sa panggatong. Higit pa, titiyakin ng Syriza na itataas ang minimum na sahod mula €580 tungong €751 kada buwan at bibigyan ng karagdagang pensyon para sa ika-13 buwan yaong ang sweldo ay mas mababa sa €700 kada buwan. Ang mga ito ay bahagi ng inilatag ng Syriza na Plano para sa Pambansang Rekonstruksyon na naglalayong tugunan ang mga batayang pangangailangan ng mamamayan, laluna sa pinakamahihirap at walang kasalukuyang trabaho. Kabilang din dito ang pagbibigay ng libreng elektrisidad at pagkain sa daanlibong pamilya, libreng pasahe sa mga walang trabaho, pagbabalik ng pensyon sa 1.3 milyong retirado at pagpapalitaw ng 300,000 bagong trabaho taun-taon.

Ang Greece ay isa sa mga bansa ng Eurozone na lubhang naapektuhan sa krisis sa pinansya na humagupit sa daigdig mula pa noong 2008. Kabilang ito sa tinaguriaang PIIGS (Portugal, Italy, Ireland, Greece at Spain), mga bansang nalubog sa utang. Nitong nakaraang anim na taon, tuluy-tuloy ang paglobo ng pampublikong mga utang ng naturang mga bansa. Para makabayad sa naturang mga utang, muli silang pinautang ng IMF, ECB at EU kapalit ng pagpapatupad ng malawakang pagkaltas sa mga serbisyong panlipunan, tanggalan sa trabaho, pribatisasyon ng mga pampublikong rekurso ng gubyerno at pagtataas ng buwis.

Bukod sa Greece, lumalakas din ang mga kilusang kontra-*austerity* sa iba't ibang bahagi ng Europe. Sa ngayon, lumalakas ang kontra-*austerity* na partidong Polemos sa Spain.

Ipinararating ng NDFP ang pinakamaalab na pagbati sa SYRIZA at sa sambayanang Greek sa ibayo pang malalaking tagumpay sa mahirap na tungkulin at mga hamong kakaharapin. Ang magiting nilang pakikibaka at mga tagumpay ay nagbibigay ng lakas at inspirasyon sa iba pang mamamayan na nakikibaka rin laban sa mga anti-mamamayang patakarang ipinapataw ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng kanilang mga pinansyal at iba pang institusyon. AB



ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Taon XLVI Blg. 3
Pebrero 7, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Panagutin ang US at rehimeng Aquino sa madugong labanan sa Mamasapano


Dapat magkaisa ang lahat ng sektor para panagutin ang gubyernong US at ang rehimeng Aquino sa madugong labanan sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25 na nagresulta sa pagpatay sa 44 na tauhan ng Philippine National Police-Special Action Force (PNP-SAF), 18 mga mandirigmang Moro at pitong sibilyan.

Ang pagsalakay sa mga sibilyan at madugong sagupaan ay bahagi ng pagpapatupad ng Operation Plan (Oplan) Wolverine, isang plano para patayin sina Zulkifli Bin Hir alyas Marwan at Abdul Basit Usman, mga upisyal diumano ng Jemaah Islamiyah at kapwa kabilang sa "US terrorist list." May kabuuang $9 milyong gantimpala ang ipinatong ng US State Department sa ulo ng dalawa.

Ang pagtugis kina Marwan ay bahagi ng mga operasyong asasinasyon o pagdukot ng rehimeng Obama laban sa mga taong binansagan nitong terorista. Maraming pagkakataong isinasagawa ito sa ibang mga bansa nang wala man lamang paalam o pahintulot ng mga gubyerno roon. Bukod sa nilalapastangan nito ang soberanya ng mga bansa, taliwas din ito sa prinsipyo ng karampatang proseso at labag sa mga tuntunin ng Pandaigdigang Makataong Batas.

Ang pandaigdigang teroristang gera ng US ay nagbubunsod ng walang katapusan at lalong sumisidhing paggamit ng karahasan laban sa tinagurian ng US na mga "terorista." Karamihan sa mga ito'y umusbong mula sa guho ng gerang pagsaklot ng US, laluna sa Middle East, kung saan ginamit ng US ang walang habas na karahasan laban sa buu-buong mga bansa, mga komunidad at mamamayan. Ang iba sa mga ito'y dati ring mga tauhan o aset na sinanay ng US, tulad ng mga nagtatag ng Abu Sayyaf. Kaakibat ng gerang teroristа ng US ang pang-uudyok ng rasismo at sobinismo sa relihiyon.

Lalo pang pinaiigting ng rehimeng Obama ang mga operasyong asasinasyon laban sa mga tinaguriang kalaban ng US. Walang pakundangan ang paggamit nito ng malalakas na sandatang maramihang pamuksa. Walang pagtatangi sa mga armadong pwersa at sibilyang komuni-



## Mga tuntunin sa paglilimbag

**1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

**2.** Pag-*print* sa istensil:

a) Sa *print dialog*, i-*check* ang **Print as image**
b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
k) I-*click* ang **Properties**
d) I-*click* ang **Advanced**
e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
d) Ituloy ang pag-*print*

**3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type.* Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*